

Pisikal na Pagsusuri ng Pagkilos

1. Ang pagbabayad para sa isang pangkalahatan o komprehensibong pisikal na pagsusuri ay nakasalalay sa pagtanggap ng magagamit na mga tala ng chart mula sa nakaraang anim na buwan, pati na rin ang sumusuportang katunayan kabilang ang mga resulta ng lab, pathology report, diagnostic imaging report, at mga pag-aaral sa saklaw ng paggalaw. Kailangang naka-enroll ka sa ProviderOne para makuha ang mga reimbursement sa mga serbisyong ito.
2. Sa pagsusuri mo sa pasyenteng ito, mangyaring suriin ang lahat ng medikal na kondisyon na maglilimita sa kanilang kakayahang magtrabaho. Hindi ka limitado sa pagsusuri sa (mga) kondisyong ipinapakita. **Hindi mo kailangang tapusin ang anumang espesyal na pagsusuri sa kakayahang kumilos para makapagbigay ng iyong propesyonal na medikal na opinyon sa form na ito.**

Kumpidensyalidad: Ang impormasyong ibinigay mo ay napapailalim sa mga batas ng Pamublikong Pagsisiwalat ng Estado ng Washington at maaaring ilabas sa kliyente kung hihilingin. Hindi naglalabas ang DSHS ng karagdagang impormasyon nang walang nakasulat na pahintulot ng indibidwal kung sino ang mayroon nito o kung pinapayagan ito ng batas ng estado.

A. Impormasyon ng Kliyente

PANGALAN	PETSA NG KAPANGANAKAN	NUMERO NG PAGKAKAKILANLAN NG KLIYENTE
----------	-----------------------	---------------------------------------

B. Awtorisasyon sa Pagpapalabas ng Impormasyon

Binibigyan ko ng awtorisasyon si _____ na ilabas ang mga sumusunod na impormasyon sa
PANGALAN NG TAGASURING PROPEYONAL

Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (DSHS). Kasama sa paglalabas na ito ang nilalaman ng pagsusuri na ito, pati na rin ang impormasyon sa diagnostic test o paggamot ng mga isyu sa mental na kalusugan, paggamit ng alak o droga, sakit na sickle cell, at mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, kabilang ang HIV/AIDS (Kabanata 70.02 ng Revised Code of Washington (Binagong Kodigo ng Washington, RCW) (42 Code of Federal Regulations (Kodigo ng mga Pederal na Regulasyon, CFR) Part 2).

May bisa ng isang taon o hanggang sa _____ (petsa) ang awtorisasyong ito.

Maaari kong ipawalang-bisa o bawiin ang awtorisasyon na ito sa pamamagitan ng pagliham anumang oras.

Naiintindihan ko na ang impormasyong ibinigay sa DSHS ay maaari lamang ilabas muli kung may wastong awtorisasyon mula sa akin o kung kinakailangan ng batas.

LAGDA NG KLIYENTE	PETSA
-------------------	-------

C. Subhetibo

Pangunahing mga reklamo at iniulat na sintomas:

Iniulat na pagsisimula ng pangunahing pinsala: _____ (petsa).

Ilarawan ang anumang kasaysayan ng paggamot kabilang ang mga pagpapa-ospital:



D. Obhetibo**Ilakip ang mga tala ng chart na naglalarawan ng mga natuklasan sa pagsusuri.**

Ilarawan ang anumang mga limitasyon na hindi nauugnay sa paggamit ng lakas o mga paghihigpit sa lugar ng trabaho (tulad ng pagiging sensitibo sa kemikal o kawalan ng kakayahang magtrabaho sa matataas na lugar):

Ilista ang lahat ng mga resulta ng pagsusuri sa laboratoryo, imaging, saklaw ng paggalaw, at iba pang mga diagnostic test (ilakip ang mga report):

E. Pagtatasa

- Ilista ang bawat diyagnosis sa Hanay 1 sa ibaba, simula sa pangunahing pinsala.
- Sa Hanay 3 sa ibaba, tantiyahin ang kahalagahan ng diyagnosis batay sa iyong propesyonal na medikal na opinyon gamit ang mga sumusunod na kahulugan:

RATING	KALUBHAAN	KAHULUGAN
1	Wala	Hindi makakaapekto sa kakayahang gumawa ng isa o higit pang mga karaniwang gawain na may kaugnayan sa trabaho
2	Banayad	Hindi gaanong makakaapekto sa kakayahang gumawa ng isa o higit pang mga karaniwang gawain na may kaugnayan sa trabaho
3	Katamtaman	Makakaapekto sa kakayahang gumawa ng isa o higit pang mga karaniwang gawain na may kaugnayan sa trabaho
4	Nakikita	Makakaapekto ng malaki sa kakayahang gumawa ng isa o higit pang mga karaniwang gawain na may kaugnayan sa trabaho
5	Malubha	Hindi makakagawa ng isa o higit pang mga karaniwang gawain na may kaugnayan sa trabaho

Kabilang sa mga karaniwang gawain ang (a) pag-upo, (b) pagtayo, (c) paglakad, (d) pagbuhat, (e) pagbitbit, (f) pagdadala, (g) pagtulak, (h) paghila, (i) pag-abot, (j) pagyukod, (k) pagbaluktot, (l) pagtingin, (m) pakikinig, at (n) pakikipag-usap.

DIYAGNOSIS	APEKTADONG GAWAIN SA TRABAHO (Tingnan ang (a) - (n) sa itaas)	RATING NG KALUBHAAN

Sa iyong propesyonal na medikal na opinyon, anong antas ng trabaho ang kayang gawin ng kliyente sa isang karaniwan* at inaasahang paraan sa kabila ng kanilang pinsala?

- Mabigat na trabaho**.....Makakabuhat ng hanggang sa 100 pounds, at madalas** na makakabuhat o makakabitbit ng hanggang sa 50 pounds.
- Katamtamang Trabaho**.....Makakabuhat ng hanggang sa 50 pounds, at madalas** na makakabuhat at/o makakabitbit ng hanggang sa 25 pounds.
- Magaang Trabaho**.....Makakabuhat ng hanggang sa 20 pounds, at madalas** na makakabuhat o makakabitbit ng hanggang sa 10 pounds, makakalakad o makakatayo ng anim na oras at hindi aabot ng walo kada araw, at makakaupo at maikikilos ng patulak o pahila ang braso at binti sa halos buong maghapon
- Pagtatrabaho nang nakaupo**...Makakabuhat ng hanggang sa 10 pounds, at madalas** na makakabuhat o makakabitbit ng bagay na magagaan. Makakalakad o makakatayo lamang sa maikling panahon.
- Lubhang limitado**.....Hindi magagampanan ang pagtatrabaho nang nakaupo

* Ang karaniwang inaasahang paraan ay nangangahulugan na may kakayahan ang taong magpatuloy sa antas ng trabaho sa isang karaniwang araw ng trabaho at linggo ng trabaho sa isang nagpapatuloy, naaangkop, at independiyenteng paraan.

** Ang madalas ay nangangahulugan na magagawa ng tao ang pagkilos sa loob ng 2.5 hanggang 6 na oras, na hindi aabot ng walong oras sa isang araw. Hindi nangangailangang nagpapatuloy ang pagganap.

TAGAL

Gaano katagal sa pagtantiya mo mananatili ang kasalukuyang limitasyon sa mga gawain ng trabaho na mayroong medikal na paggamot?

_____ MGA BUWAN

PAG-ABUSO SA ALAK O DROGA

Ang mga epekto ba sa karaniwang mga gawain ng trabaho ay resulta ng karamdamang dulot ng pag-abuso sa alak o droga?

Oo Hindi

Mangyaring ipaliwanag:

Magpapatuloy ba ang mga epekto sa mga karaniwang gawain sa trabaho matapos ang 60 araw ng pag-iwas? Oo Hindi
Kung hindi, paano magbabago ang mga ito?

Inirerekomenda ba ang pagsusuri sa chemical dependency kaugnay ng paggamot sa paggamit ng droga? Oo Hindi

F. Plano

Ilista ang anumang karagdagang pagsusuri o konsultasyon na kailangan:

Anong paggamot ang inirerekomenda?

IBALIK ANG REPORT NA ITO KAY:	PANGALAN NG TAGASURING PROPESYONAL		PETA NG PAGSUSURI	
	LARANGAN NG ESPESYALIDAD/MAKABAGONG PAGSASANAY		NUMERO NG TELEPONO	
LAGDA NG MANGGAGAWA	PETA	STREET NG ADDRESS	LUNGSOD	ESTADO
				ZIP CODE
NUMERO NG TELEPONO	LAGDA NG TAGASURING PROPESYONAL/TITULO		PETA	
NUMERO NG FAX	LAGDA NG TAGAREPASO AT TAGAPAGPATIBAY NA PROPESYONAL		PETA	